ISSN 0117-4428

# UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalain ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVII BILANG 3 HULYO - SETYEMBRE 2019

## Produkto ng CvSU at Indang, binisita sa *Agri-Eco Tourism Park*

Kasabay ng .pagpapasinaya sa *Agri-Eco Tourism Park*, binisita ng mga panauhing kasama sa pagdiriwang ng *R&E Week 2019* ang pangunahing gusali kung saan naka-display ang iba't ibang produkto ng CvSU at ng bayan ng Indang.



Ang display ng mga produkto ng Indang sa Agri-Eco Tourism Park

Ilan sa mga produktong makikita ay ang mga sumusunod: kapeng *Aguinaldo Blend;* asukal mula sa kaong; kaong suka; *honey* mula sa *stingless bees* at ibang produkto mula sa *honey; processed fruit juices; smoked-boneless* bangus; *Spanish style* bangus; at marami pang iba. Samantala, hinabing tela, kaong suka, *cacao by-products*, kalamay buna, kamatsileng tinapay, bukayo, at mga prutas at gulay naman ang ilan sa mga produkto ng Indang.

Bukod sa mga produkto, marami ring bagong atraksyon ang matatagpuan sa nasabing *park*. Ang *Agri-Eco Tourism Park* ay nabuo sa pagtutulungan ng mga sumusunod na kolehiyo at opisina ng Unibersidad: College of Education; College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources; College of Sundan sa p. 2

## ARDANS *mobile app*, pumasa sa mga eksperto ng CvSU-Naic

Nakakuha ng pasadong 4.29 na marka ang ARDANS *mobile application* sa pagsusuri ng siyam na gurong eksperto mula sa CvSU-Naic Department of Information Technology (DIT).

Sa isinagawang *pre-testing* sa nasabing teknolohiya noong Setyembre 3, "*Sang-ayon*" ang lumabas na sagot sa mga pahayag sa talatanungang binuo ng DIT na nangangahulugang maaari itong ipagamit o ibahagi sa ilang kagawaran sa nasabing munisipalidad.

Ang ARDANS: *Mobile Application for Disaster Preparedness in* Naic, Cavite" ay


Mga guro mula sa CvSU Naic DIT na lumahok sa pre-testing ng ARDANS mobile app

bahagi ng proyektong Salin Impormasyon at Kaalaman sa Teknolohiya ng Kompyuter (SIKTeK) sa ilalim ng Batangan 2.0 na programang pang-ekstensyon ng Naic *campus*.

Layunin ng proyektong maghatid ng mga teknolohiyang maaaring Sundan sa p. 7



### Mga Nilalaman

*DA IV-A, CvSU, nagtulungan sa pagkakapehan* . . . . . . . . . . . . . . 2
*R&E Week Trade Fair and Exhibit, isinagawa* . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3
*SAC-Imus, kumonsulta sa ES* . . . . 3
*CAS, CCAT, wagi sa Extension In-House Review 2019* . . . . . . . . . . 4
*SOA, inilunsad sa CvSU* . . . . . . . . . 5
*CvSU-Naic, nagsagawa ng pagsasanay sa fishery products* . . . . . . . . . . . . 6
*3rd quarter na pulong ng mga EC, ginanap* . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 6
*Unang Naic Agri Trade Fair and Exhibit, idinaos* . . . . . . . . . . . . . . 6
*CF4RM, bumisita sa CvSU-TDF* . . . 7
*SPRINT, nagsagawa ng pagsasanay sa Magallanes* . . . . . . . . . . . . . . . 7
*CAS, Cherry Mobile, namahagi ng gamit pang-eskwela* . . . . . . . . . . . 8
*Ersando, dumalo sa 3rd quarter CSO meeting ng DSWD* . . . . . . . . . . . . 8
*ES, nagsagawa ng monitoring at ebalwasyon* . . . . . . . . . . . . . . . . . 9
*Pagtatayo ng FITS Center sa Gen. Trias, inilahad* . . . . . . . . . . . . 9
*ES, patuloy sa mga pagsasanay* . . . 10

## MGA BALITA

# DA IV-A at CvSU, nagtulungan sa pagkakapehan

Nakipag-ugnayan sa CvSU Extension Services ang Department of Agriculture - CALABARZON (DA IV-A) upang magsagawa ng pagsasanay sa produksyon at teknolohiya sa pagkakapehan.

Inimbitahang tagapagsalita si G. Rodrigo H. Diloy, puno ng Farmers Training Center and Technology Demonstration Farm (FTC-TDF), sa mga pagsasanay na isinagawa sa Rizal, Batangas at Laguna mula Agosto 7 hanggang 23.



*Si G. Diloy habang tinuturuan ang mga kalahok*

Ilan sa mga paksa na tinalakay ay ang mga sumusunod: kabuuang kaalaman sa industriya at produksyon ng kape; rehabilitasyon at pagpapabata ng kape; pagpapanatili ng magandang pamumunga; at pamamaraan upang maiwasan at mapuksa ang peste sa puno. Nagkaroon din ng *benchmarking* sa iba't ibang sakahan tulad ng *coffee plantation* sa Brgy. Galalan, Pangil, Laguna at Mendoza's *Farm* sa Brgy. Kayrilaw, Nasugbu, Batangas.

Dumalo sa pagsasanay ang iba't ibang organisasyon ng mga magsasaka, kababaihan, samahan ng mga *senior citizen* at nagmamay-ari ng pribadong sakahan. Kabilang sa kanila ang 37 na tagapakinig mula Brgy. Kutyo, Tanay, Rizal, 69 mula sa Brgy. Kayrilaw, Nasugbu, Batangas, 43 mula Pangil, Laguna, 40 mula Brgy. Alitagtag Taal, Batangas at 38 mula Brgy. Aga, San Jose, Batangas. Ang nasabing programa ay naging posible sa pangunguna ni Gng. Janice B. Fajardo, *High Value Crops Development Program* (HVCDP) *staff* mula sa DA IV-A. *(PGCDucusin)*

## Produkto ng CvSU at Indang... *mula sa p. 1*

Economics, Management and Development Studies; College of Veterinary Medicine and Biomedical Sciences; Office of Business Affairs; Extension Services; Research Center; National Coffee Research, Development and Extension Center; Sugar Palm Research, Information and Trade Center; at Hostel Tropicana. Si Dr. Camilo A. Polinga, bise presidente para sa mga gawaing pang-akademiko, ang tumatayong *chairperson* ng nabanggit na proyekto. *(BSAmparo)*



*Si Dr. Ruel Mojica at mga bisita habang naglilibot sa Agri-Eco Tourism Park (itaas) at mga bisita habang tumitingin sa mga naka-display na produkto (ibaba)*




*Ang display ng mga produkto ng CvSU sa Agri-Eco Tourism Park*



# MGA BALITA

## *R&E Week Trade Fair and Exhibit*, isinagawa

Isinagawa ang *Trade Fair and Exhibit* noong Setyembre 19 bilang bahagi ng pagdiriwang ng *Research and Extension Week 2019*.

Nagwagi bilang Best Booth sa kategoryang pang-FITS *centers* ang FITS-Office of the Provincial Agriculturist-Cavite habang Best Booth naman sa kategoryang pangkolehiyo at kampus ang College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources.

Pinangunahan nina Dr. Noel Catibog, OIC ng Technology Transfer and Promotion Division ng PCAARRD, Dr. Camilo A. Polinga at Dr. Ruel M. Mojica, mga bise-presidente, at Hon. Irene Bencito, kinatawan ni Gob. Juanito Victor C. Remulla, Jr., ang pagbubukas ng nasabing eksibit.




*Ang FITS-OPA Cavite (kaliwa) at CAFENR (kanan) bilang mga Best Booth sa eksibit*

Nilahukan ang gawain ng mga *Farmers' Information & Technology Services* (FITS) *Center* sa Cavite at mga kampus at kolehiyo ng CvSU na nagpakita ng mga teknolohiya at produkto tulad ng mga sariwang gulay mula sa sakahan ng mga Magsasaka Syentista, mga isdang prinoseso ng Cavite City at Naic, sabon mula sa dragonfruit, at iba pa. Bukod sa mga nabanggit, lumahok din ang ibang yunit ng Unibersidad gaya ng Sugar Palm Research, Information and Trade (SPRINT) Center, National Coffee Research, Development and Extension Center (NRDEC), at Gender and Development – Persons with Disability (GAD- PWD). *(LCMatel)*

## SAC-Imus, kumonsulta sa ES

Sumadya sa opisina ng Extension Services (ES) ang kinatawan ng *Caritas Diocese of Imus Foundation, Inc. - Social Action Commission* (SAC) sa pangunguna ni G. Jerel Tabon upang humingi ng tulong-teknikal para sa pagtatayo ng *demo farm* sa Amadeo, Cavite noong Hulyo 22. Kasama rin sa itatayong *demo farm* ang isang *nursery bank* kung saan ipakikita ang iba't ibang modyul na maaaring matutunan ng komunidad at maaari nilang iangkop sa kanilang lugar.



*Si G. Tabon habang kumokonsulta sa ES staff*

Sa nasabing konsultasyon, nabanggit ni G. Tabon na kailangan rin nila ng tulong sa pagsasagawa ng mga pagsasanay sa pangkabuhayan *(livelihood)* at seguridad sa pagkain *(food security)*.

Kaugnay ito ng kasalukuyang programang *Sustaining Empowered and Resilient Communities through Holistic Development* (Searchdev) ng *Caritas Diocese of Imus Foundation, Inc. - Social Action Commission* at ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines - National Secretariat for Social Action* sa limang piling komunidad sa Cavite na kinabibilangan ng Brgy. 10-B sa Cavite City, Bgy. San Rafael 3 sa Noveleta, Bgy B. Pulido sa GMA, Bgy San Jose sa Tagaytay City, at Bgy. Bucana sa Ternate.

Isinasaayos na ng ES ang iskedyul upang mabisita ang pagtatayuan ng *demo farm* at inihahanda na ang isang *Memorandum of Understanding* (MOU) para sa posibleng ugnayan ng dalawang ahensya. (*JFErsando)*

## MGA BALITA

# CAS at CCAT, wagi sa *Extension In-House Review 2019*

Itinanghal na *Best Extension Paper* ang proyektong *"Community Adoption and Strengthening of the CvSU Bee Program"* nina Gng. Michele T. Bono at G. Dickson N. Dimero ng College of Arts and Sciences habang nakamit naman ni Laarnie R. Manuel ng CCAT Campus ang *Best Extension Poster* para sa proyektong *"Community Impact Creation: Evidences from Gabay Pangkabuhayan Skills and Training Program"*.

Ginanap ang *in-house review* ng Extension Services noong Setyembre 18 bilang bahagi ng pagdiriwang ng *Research and Extension Week 2019*. Ang *review* ay taunang isinasagawa bilang karagdagang paraan upang masuri ang mga programa/proyektong pangkomunidad ng mga kolehiyo at kampus ng Unibersidad. Layunin din ng gawaing ito na bigyan ng pagkilala at parangal ang mga natatanging programa, proyekto at maging mga gawaing pang-ekstensyon.

Nagsilbing tagasuri ng mga proyekto sina Dr. Nelia C. Cresino, dating direktor ng Gender and Development ng CvSU, Prof. Juniel G. Lucidos, direktor ng Extension ng Romblon State University, at Gng. Antonieta J. Arceo, puno ng Information Services Division ng Agricultural Training Institute Central Office.




*Si Dr. Novicio, mga extension coordinator at mga tagasuri sa Extension In-House Review 2019*

Siyam na natapos na programa at proyektong pang-ekstensyon ang inilahad at ito ay ang sumusunod:

| Titulo ng Proyekto | Pangalan ng Tagapaglahad |
|---|---|
| Community Impact Creation: Evidences from Gabay Pangkabuhayan Skills and Training Program | Laarnie R. Manuel<br>*Rosario CCAT Campus* |
| Establishment of Coconut Seedling Nursery at CvSU and Need-Based Scholarship Program for Children of Coconut Farmers | Hosea dL. Matel<br>*Research Center* |
| Seminar-Training on Meat Processing: Pork and Chicken Ham Making | Ma. Cecile N. Basa<br>*College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources (CAFENR)* |
| Technical Empowerment of Riverside Multi-Purpose Cooperative on Micro-Scale Processing of Surplus Sugarcane into High-Value By-Products | Aitee Janelle R. Reterta<br>*College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources (CAFENR)* |
| Phonological Awareness Program for Early Grade Students | Maria Leonora D. Guerrero<br>Ma. Lourdes D. Guerrero<br>*Naic Campus* |
| Bidbid Longganisa and Milkfish Spread Food Technology | Rhonalyn C. Papa<br>*Naic Campus* |
| Information and Computer Technology (ICT) Transfer of Mr. Paw: An Interactive Android Application for Pawikan Hatchery and Conservation | Sherrlyn M. Rasdas<br>*Naic Campus* |
| Community Adoption and Strengthening of the CvSU Bee Program | Michele T. Bono<br>*College of Arts and Sciences (CAS)* |

*Sundan sa p. 5*

# MGA BALITA

## SOA, inilunsad sa CvSU

Inilunsad sa Cavite State University (CvSU) ang *School-on-the-Air* o *SOA on Livestock* na may temang "ATIng Eskwelahan: Hayop na Pangkabuhayan" noong Agosto 19 sa SM Rolle Hall sa Indang.

Sa pakikipagtulungan ng Department of Agriulture – Agricultural Training Institute (DA-ATI) Region IV-A sa mga unibersidad, layunin ng SOA na isagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng radyo upang maabot ang mga magsasaka at mangingisda sa CALABARZON. Bahagi rin ng programa ang paggamit ng Youtube Channel upang ibahagi ang tamang paraan ng produksyon at mga teknolohiya sa pag-aalaga ng hayop. Nakatakdang ipalabas ang programa mula Setyembre hanggang Nobyembre 2019.

Isa ang CvSU sa mga *Extension Service Provider* (ESP) ng DA-ATI kasama ang Batangas State University (BaTSU) - Lobo, University of Rizal System (URS) - Tanay, Laguna State Polytechnic University (LSPU) - Siniloan, National Polytechnic University (NPU) – Mulanay, at Southern Luzon State University (SLSU).

Samantala, ang programa noong Agosto 19 ay dinaluhan ng 139 na estudyante ng *Animal Science*, mga guro mula sa College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources (CAFENR), at mga tauhan ng Extension Services (ES) na sina Gng. Lorna C. Matel at G. Joselito Ersando sa pangunguna nina Dr. Analita dM. Magsino, dekana ng CAFENR, at Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng ES. Isinagawa din ang *pre-test* sa mga mag-aaral na lumahok sa pangunguna ni Dr. Rolando V. Maningas, Information Officer III ng DA-ATI IV-A. *(LCMatel)*



*Sina Dr. Novicio at Dr. Magsino kasama ang mga dumalo sa paglulunsad ng SOA*

## CAS at CCAT, wagi sa Extension... *mula sa p. 4*

Samantala, ibinahagi rin ang ulat ng mga sumusunod na proyektong patuloy na isinasagawa ng mga kolehiyo at kampus:

| TITULO NG PROYEKTO | PANGALAN NG TAGAPAGLAHAD |
|---|---|
| Statistical Tools for Action Researches of Teachers: Let's START! | Andrew J. Siducon<br>*College of Arts and Sciences* |
| MSMEs Manufacturing Productivity Extension Program | Dina P. Bawag<br>*College of Engineering and Information Technology* |
| ICT Capability Enhancement Training (Level 1) | Aries M. Gelera<br>*Rosario CCAT Campus* |
| Psychological Wellness Program (PWP) | Christine Marie P. Bayhon<br>Silang Campus |
| Best of PinyaBuhay for 4K™ Business and Entrepreneurial Skills and Training 4K™ (Kasaysayan, Kultura, Kabukiran, Kainan) | Zarah Jane R. Centeno<br>*Silang Campus* |
| REACH Project | Brylle D. Samson<br>*Silang Campus* |
| Ang Kabataan ay Kayamanan Dapat Turuan | Maria Criselda M. Vertudez<br>*Silang Campus* |
| Edukasyon, Kalusugan at Gabay Pangkabuhayan Para sa Syudad ng Imus | Diwata R. Parong<br>*Imus Campus* |
| Iba na ang Handa (I.N.A.H) An Inclusive Community Based Disaster Risk Reduction Management Extension Project | Susan G. Tan<br>*College of Criminal Justice* *(KBArandia)* |

# MGA BALITA

## CvSU-Naic, nagsagawa ng pagsasanay sa *fishery products*

Nagsagawa ang Cavite State University (CvSU) - Naic ng pagsasanay tungkol sa paggawa ng mga produktong mula sa isda noong Setyembre 17. Katuwang ang Department of Agriculture (DA) - Naic bilang *sponsor*, tinuruan ang 24 na kalahok mula sa iba't ibang organisasyon ng mga mangingisda at kanilang mga asawa kung paano gumawa ng *spicy dilis, fish lumpia* at *fish longganisa*. Ibinahagi nina Prof. Elsa B. Omipon at Prof. Armina B. Pugay, mga gurong eksperto sa pagpoproseso ng isda mula sa *Fisheries and Marine Science Department* (FMSD), ang mga kaalaman at kasanayan sa pagpoproseso ng mga nasabing produkto. Bukod sa pagtalakay, nagsagawa rin ng aktwal na pagsasanay upang maranasan ng mga kalahok ang magproseso ng isda. *(SMRasdas)*



*Ang mga kalahok sa lecture at hands-on training*

## 3rd *quarter* na pulong ng mga EC, ginanap

Ginanap ang ikatlong kwarter na pulong ng Extension Services (ES) kasama ang *extension coordinators* mula sa iba't ibang kampus at kolehiyo ng Unibersidad noong Hulyo 30.

Sa nasabing pulong na pinangunahan ni Gng. Lorna C. Matel, inilahad ang mga pagsasanay na kailangan para sa mga susunod na programa ng ahensya kabilang ang: *Impact Assessment* para sa programang nais bigyan ng ebalwasyon; ang nakaraang *Extension In-House Review;* mga kaukulang ulat at proyekto ng mga koordineytor para sa mga programa ng *Extension*; at ang matagumpay na *Research and Extension Exhibit* na idinaos kabahagi ang mga Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center mula sa iba't ibang bayan ng Cavite, at mga kampus, kolehiyo at yunit ng Unibersidad.

Nagmungkahi rin ang mga kalahok kung paanong higit na mapaghuhusay ang mga serbisyong ibinibigay sa mga Kabitenyo. Kabilang sa mga dumalo sa pulong ang mga sumusunod: Gng. Bernadette S. Amparo at Bb. Julita M. Mojica (ES); Gng. Charlotte B. Carandang (CEIT); Gng. Mary Joyce E. Talamante at G. Andrew J. Siducon (CAS); Gng. Evelyn P. Grueso (CED); Dr. Susan G. Tan (CCJ); Gng. Cecille N. Basa (CAFENR); G. Emmanuel Mago (CVMBS); G. Victor Piores (CSPEAR); G. Sunny Ferrera (CON); Gng. Sherrlyn Rasdas (Naic); Gng. Estelita Villa (Gen.Trias); G. Ron Fortuna (Carmona); Gng. Pamela Busog (Trece); Bb. Emeriza Caparaz (Cavite City); Gng. Janice Nealega (Bacoor); Gng. Aries Gelera (Rosario); Gng. Cherub Encabo at Gng. Ann Sapao (Imus); at Bb. Antonette Jean L. Magcamit (NCRDEC). *(PGCDucusin)*

## Unang Naic *Agri Trade Fair and Exhibit*, idinaos

Idinaos ang unang *Agri Trade Fair and Exhibit* sa Naic, Cavite sa pangunguna ng *Farmers' Information and Technology Services* (FITS) *Center* at Municipal Agriculturist Office (MAO) mula Setyembre 23 hanggang 24. Sa programang ginanap sa unang araw ng pagdiriwang, nagbigay ng mensahe sina Engr. Elma T. Valenzuela, MAO at FITS *Manager* ng Naic, at Hon. Maximo F. Dagasdas, puno ng Sangguniang Bayan *Committee on Agriculture and Fisheries*. Samantala, sa mensahe ng panauhin na si Gng. Lorna C. Matel, *Deputy Consortium Director* ng STAARRDEC at *Techno Gabay Program* (TGP) *Focal Person*-Cavite, binigyang importansya niya ang *trade fair* bilang isang paraan ng pagpapalaganap ng mga impormasyon at teknolohiya sa agrikultura, kapaligiran at iba pa. Dagdag pa niya, ito ay pagkakataon upang maipakita rin ang mga produkto ng mga magsasaka at ng komunidad, magkaroon ng negosasyon sa pagbibilihan, at makilala ang iba pang mga *processor*.




*Pagbubukas ng1st Naic Agri Trade Fair and Exhibit*

Ilan sa mga eksibitor ay ang San Isidro Labrador *Farmers Multi-Purpose Cooperative*, Cavite State University-Naic, Samahan ng Industriya ng Paggugulay (SIPAG) –Naic, Magsasaka sa Bayan ng Naic (MAGSABAYAN) Federation, *Women Integrated Business Entreprenuer Association* (WIBEA), Bantay Dagat-Naic, at Palangue *Agrarian Reform Cooperative* (PARC).

Dumalo din sa programa ang mga puno ng mga departamento at mga konsehal ng bayan ng Naic. *(ETValenzuela at LCMatel)*

# MGA BALITA

## CF4RM, bumisita sa CvSU-TDF

Bumisita ang *Centro Filipino for Returning Migrants* (CF4RM) sa Cavite State University Technology Demonstration Farm (CvSU-TDF) noong Hulyo 8 sa pangunguna ni Gng. Paulita Marina Astillero, *officer-in-charge*. Layunin ng kanilang pagbisita na mapag-aralan ang mga teknolohiyang isinasagawa sa TDF na maaari ring mapakinabangan sa kanilang lugar. Nagkaroon ng maikling pagpupulong ang grupo kasama sina Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng Extension Services (ES) Center; Gng. Lorna. C. Matel, puno ng Techno Transfer; G. Joselito F. Ersando, puno ng Community Engagement & External Relations; at Gng. Bernadette S. Amparo, puno ng Training & Courseware. Kasama sa pinag-usapan ang pagbibigay ng ES ng konsultasyong teknikal at pagtulong sa produksyon at pagpoproseso ng gulay sa kanilang lugar sa Dasmariñas.



*Si Dr. Novicio at grupo ng CF4RM na dumalo sa pulong*

Ang CF4RM ay kinilala rin na *learning site for integrated farming* ng Department of Agriculture – Agricultural Training Institute (DA-ATI) IV-A. *(LCMatel)*

## SPRINT, nagsagawa ng pagsasanay sa Magallanes

Nagsagawa ang Sugar Palm Research, Information and Trade (SPRINT) Center ng pagsasanay tungkol sa kaong sa munisipyo ng Magallanes, Cavite noong Hunyo 15. Pinamagatang "*Kaong and its Uses*", ang pagsasanay ay dinaluhan ng 67 katao mula sa *Glory Philippines*, kumpanyang nakabase sa Philippines Economic Zone Authority (PEZA), Rosario, Cavite na gumagawa ng *currency handling machines,* at Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO) ng Cavite na nagtataguyod ng maayos at mahusay na pamamahala ng kapaligiran at likas na yaman.

Tinalakay ni G. Daeniel Zarene P. Mojica, *research assistant* ng SPRINT, ang kahalagahan ng kaong at iba't ibang gamit nito. Nagkaroon din ng aktwal na pagtatanim ng 200 puno ng kaong sa Brgy. Kabulusan sa Magallanes na isinagawa ng mga kalahok. *(JLBHerrera).*



*Si G. Mojica habang ipinapaliwanag ang mga gamit ng kaong*

### ARDANS *mobile app...* 

*mula sa p. 1*



*Mga guro mula sa CvSU Naic DIT na lumahok sa pre-testing ng ARDANS*

mapakinabangan ng mga ahensya tungo sa higit na ikauunlad ng komunidad. Sa oras na maging ganap na handa na ang ARDANS *mobile app*, idudulog na maipagamit ito sa Department of Interior and Local Government (DILG) at Bureau of Fire Protection (BFP) ng Naic upang makatulong sa kahandaan ng mga mamamayan sa bagyo, lindol at iba pang sakuna. *(SMRasdas)*

## MGA BALITA

# CAS at Cherry Mobile, namahagi ng gamit pang-eskwela

Namigay ng mga gamit pang-eskwela ang College of Arts and Sciences (CAS) kasama ang Kosmos Technomobile Inc. (Cherry Mobile) sa pamamagitan ng kanilang Maynard S. Ngu (MSN) Foundation sa Mendez noong Setyembre 10.

Umabot sa 250 mag-aaral mula sa Asis Elementary School (AES) at 224 mula sa Mendez Central School (MCS) ang nabigyan ng bag, notebook at ballpen sa isinagawang programa.

Pinangunahan ni Dr. Bettina Joyce P. Ilagan, dekana ng CAS, kasama ang mga tagapamahala ng ekstensyon na sina Gng. Mary Joyce E. Talamante, G. Andrew J. Siducon, at Gng. Merlie S. Nahilat, ang nasabing gawain. Dumalo rin bilang katuwang ang mga kinatawan ng apat na departamento ng kolehiyo, kabilang ang *Biological Sciences, Languages and Mass Communication, Physical Sciences*, at *Social Sciences and Humanities*.

Malugod din ang naging pagtanggap ng mga nabanggit na paaralan sa MSN *Foundation* na pinamamahalaan nina Gng. Regine Peñaflor-Anacay, *operations manager*, at Bb. Rednaxela Calderon, *program officer*.

Naging tampok din sa programa ang pagbisita ng alkalde ng bayan ng Mendez na si Atty. Fredderick A. Vida habang malaki naman ang pasasalamat mga taga-CvSU kina Gng. Dalisay A. Cubillo at Dr. Connie P. Dela Cruz, mga punong-guro ng AES at MCS. Kinagiliwan din ang presentasyon ng mga mag-aaral na nagpamalas ng kanilang mga talento sa pagsayaw, pag-awit at pagtugtog ng instrumento. *(AGBDesingaño)*



*Mga guro ng CAS kasama ang mga kinatawan ng MSN*



*Mga mag-aaral na tumanggap ng mga gamit*

# Ersando, dumalo sa 3rd *quarter* CSO *meeting* ng DSWD

Bilang isa sa mga paaralang kasapi ng *Civil Society Organization* (CSO), dumalo si G. Joselito F. Ersando, puno ng *Community and External Relations Division* ng Extension Services (ES), sa ikatlong kwarter na pulong sa pangunguna ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) na ginanap sa University of Perpetual Help - Molino Campus noong Agosto 22.

Iniulat ni Gng. Joan O. Cuya ng DSWD ang kasalukuyang estado ng implementasyon ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) para sa ikalawa at ikatlong kwarter. Nag-ulat din ang iba't ibang CSO gaya ng Southern Luzon State University (SLSU), Laguna State Polytechnic University (LSPU), Malayan Colleges, FAITH Colleges, IHelp-Rizal, PACAII-Dasmariñas, CBAP-Bacoor, Bethsaida-Quezon at BBE Dasalaka, hinggil sa kanilang isinasagawang tulong at programa sa mga kasapi ng 4Ps sa Gabay at Kaagapay program nito. Nagkaroon din ng worksyap at presentasyon ng awtput hinggil sa iba pang tulong na maaaring ibigay ng mga CSO sa mga kasapi ng 4Ps.

Bukod sa CvSU, dumalo rin sa pulong ang iba pang kasapi gaya ng mga organisasyong panrelihiyon, institusyong pang-akademya, *non-government organizations* (NGOs) at mga pribadong samahan. *(JFErsando)*




*Si Gng. Joan Cuya ng DSWD at mga kalahok sa pulong*

## MGA BALITA

# ES, nagsagawa ng *monitoring* at ebalwasyon

Nagsagawa ng *monitoring* at ebalwasyon ng mga proyektong pang-ekstensyon ang opisina ng Extension Services (ES) sa pangunguna ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng ES kasama sina Bb. Julita M. Mojica, Bb. Antonette Jean L. Magcamit at G. Rodrigo H. Diloy. Binisita nila ang mga *adopter* ng mga teknolohiya na itinuturo ng ES.

Isa sa kanila si Gng. Presila Hernandez ng Pantihan II, Maragondon, Cavite na nagsanay sa pagpoproseso ng saging sa pagtutulungan ng CvSU-ES at FITS Maragondon noong Abril 4. Ang saging na saba na isa sa mga pangunahing sangkap sa paggawa ng *banana chips* ay produkto sa kanilang bukid. Hindi na niya dinadala sa palengke ang saba mula sa kanilang bukid bagkus ay ginagamit sa paggawa ng banana chips. Nakapagluluto na siya ng 10 kilo o higit pa bawat linggo depende sa order ng namimili.



*Si Gng. Hernandez at ang kanyang banana chips*

Binisita rin nila ang dalawang magsasaka sa Tanza, Cavite na dumalo sa *seminar* tungkol sa produksyon ng organikong baboy noong 2018 sa pangunguna ng CvSU-ES at FITS Tanza. Pinapakain ni Gng. Tina Arahan ng Brgy. Punta II ng mga sobrang gulay at darak na mula sa palay na inani sa kanilang bukid ang mga alaga niyang *native* na baboy.



*Si Gng. Tina Arahan ng Brgy. Punta II Tanza, Cavite*

Samantala, pinapakain naman ni G. Nelson Morres (Brgy. Paradahan) ng kangkong at mga gulay mula sa palengke ang mga alaga niyang *native* na baboy. Ginagamit din niya bilang higaan ng kanyang mga alaga ang uling na galing sa Andok's Chicken upang walang amoy ang kanyang kulungan. Ayon sa kanya, ang mga durog na durog na mga uling ay nagagamit pa niyang pataba sa gulayan at iba pang halaman.

Dalawang taniman ng kape naman ang binisita nila sa General Mariano Alvarez (GMA), Cavite. Una ay ang Kanlungan ER-MA Ministry sa Brgy. Kaimisas at taniman ni Gng. Merly Bendo sa Cabulusan. Layunin ng pagbisita na malaman ang kalagayan ng panamin na kape (seedlings) na ibinigay ng National Coffee Research, Development and Extension Center (NCRDEC). Ipinakita ni Gng. Bendo kung paano niya nilalagyan ng bunot ng niyog ang bawat puno ng kape upang mapanatili ang tubig at huwag magkaroon ng *soil erosion*. *(JMMojica)*



*Puno ng kape sa taniman ni Gng. Bendo sa Brgy. Cabulusan na ginagamitan ng bunot ng niyog*

# Pagtatayo ng FITS *Center* sa Gen. Trias, inilahad

Inilahad ni Gng. Lorna C. Matel kay Mayor Antonio A. Ferrer noong Agosto 13 ang pagtatayo ng Farmers' Information and Technology (FITS) Center sa Gen. Trias, Cavite .

Isa sa bahagi ng Techno Gabay Program (TGP) ang FITS *Center* na nagsisilbing one-stop-information-shop (OSIS) kung saan matatagpuan ang mga makabagong kaalaman tungkol sa agrikultura para sa mga magsasaka, mangingisda, out-of-school youth (OSY), mag-aaral, negosyante at mga interesadong mamamayan.

Ang TGP ay isang gawain ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) IV-A kaagapay ang CvSU bilang *partner agency* kasama ang Office of the Provincial Government – Cavite. Si Gng. Matel ang kinikilalang *Techno Gabay Program focal person* sa probinsya ng Cavite.

Sa pakikipag-usap na isinagawa ay naging positibo si Mayor Ferrer sa pagtatayo ng FITS *center* sa kanilang lugar. Inaasahang mabubuksan ito bago matapos ang taon.

Kasama sa paglalahad sina Bb. Edith Pagkalinawan - FITS OPA *Manager* at Gng. Neri Marquez, *City Agriculturist* ng bayang nabanggit. *(LCMatel)*



*Sina Gng. Matel, Gng. Marquez, Gng. Paglinawan at Mayor Ferrer sa ginanap na FITS Establishment Orientation sa Gen. Trias*

## MGA BALITA

# ES, patuloy sa mga pagsasanay

Patuloy na nagsasagawa ng iba't ibang pagsasanay ang Extension Services katuwang ang mga Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center at mga tagapagsanay sa iba't ibang larangan mula sa Unibersidad. Layunin ng pagkakaisang ito ang ibaba sa komunidad ang mga kaalaman at teknolohiya upang makatulong base sa kanilang pangangailangan. May mga dalubhasang bukas-kamay na naging kaagapay ng unibersidad upang magturo ng kanilang mga kasanayan at ipaabot ang kanilang pagtulong sa komunidad sa pamamagitan ng kanilang karunungan.

Upang maisakatuparan ang naturang layunin, 22 na pagsasanay sa iba't ibang munisipalidad at siyudad sa Cavite ang naisagawa sa nagdaang tatlong buwan. Umabot sa 822 ang nakiisa at dumalo sa naturang mga pagsasanay na mula sa iba't ibang organisasyon. Ang mga ito ay ang sumusunod:

| Titulo ng Pagsasanay | Petsa | Lugar ng Pagsasanay | Tagapagsanay | Bilang ng Nagsanay | Yunit na Namahala |
|---|---|---|---|---|---|
| Produksyon ng Gulay | Hulyo 04 | San Francisco II, Dasmariñas | Dr. Arnulfo C. Pascual<br>*Retired CvSU Professor* | 31 | CvSU-ES at FITS Dasmariñas |
| Integrated Diversified Organic Farming System | Hulyo 17 | FITS OPA, Trece Martirez City | Prof. Michelle M. Razo<br>*Farm Operation Manager/ Farm School Director/ OAP, Sanctuario Nature Farm* | 31 | CvSU-ES at FITS OPA |
| Farm Tourism | Hulyo 17 | International House I CvSU, Indang | Gng. Josephine Costales | 35 | CvSU-ES at SciCAT |
| Pamamahala ng Sakahan | Hulyo 18 | International House I CvSU, Indang | Gng. Gigi Morris | 31 | CvSU-ES at SciCAT |
| Bookeeping | Hulyo 19 | International House I CvSU, Indang | Prof. Ma. Isolde R. Sustrina<br>*Faculty, CEMDS*<br>Prof. Dolores L. Aguilar<br>*Faculty, CEMDS* | 30 | CvSU-ES at SciCAT |
| Solid Waste Management | Hulyo 20 | International House I CvSU, Indang | Prof. Noel A. Sedigo<br>*Administrator, T3 Faculty, CAFENR*<br>Prof. Edgardo Gonzales<br>*Faculty, CAFENR* | 35 | CvSU-ES at SciCAT |
| Organikong Pag-aalaga ng Baboy | Hulyo 24 | Magallanes | Gng. Agripina R. Ochoa<br>*Magsasaka Siyentista, FITS Magdalena, Laguna*<br>Gng. Marjo P. Mojica<br>*Agricultural Technician, Office of the Provincial Veterinarian* | 44 | CvSU-ES at FITS Magallanes |
| Pagbuo ng Kapaki-pakinabang na Information, Education and Communication (IEC) print materials | Hulyo 30 | CvSU, Indang | G. Kenneth E. Yaya<br>*Manager/ Graphic Artist KAI Creative Studio* | 37 | CvSU-ES |

*Sundan sa p. 11*

# MGA BALITA

## ES, patuloy sa mga ...

*mula sa p. 10*

| Titulo ng Pagsasanay | Petsa | Lugar ng Pagsasanay | Tagapagsanay | Bilang ng Nagsanay | Yunit na Namahala |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagbuo ng Kapaki-pakinabang na Information, Education and Communication (IEC) video materials | Hulyo 31 | CvSU, Indang | G. Kenneth E. Yaya *Manager/ Graphic Artist KAI Creative Studio* | 26 | CvSU-ES |
| Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Prutas | Hulyo 31 | Panungyan, Mendez | Gng. Elvira B. Perlado *Home Management Technician, CvSU* | 20 | CvSU-ES at FITS Mendez |
| Pagsasanay sa Pag-aalaga ng Lukot "BEEyond the HIVE: Introduction to Beekeeping" | Agosto 6 | Agro-Eco Tourism Conference Room | Prof. Dickson N. Dimero *Faculty, CAS-DBS* Prof. Michelle T. Bono *Faculty, CAS- DBS* | 26 | CvSU-ES, CAS at FITS Alfonso |
| Pagsasanay sa Pag-aalaga ng Lukot "BEEyond the HIVE: Introduction to Beekeeping" | Agosto 7 | Agro-Eco Tourism Conference Room | Prof. Dickson N. Dimero *Faculty, CAS-DBS* Prof. Michelle T. Bono *Faculty, CAS- DBS* | 30 | CvSU-ES, CAS at FITS Alfonso |
| Pagsasanay sa Pamamahala ng Babuyan | Agosto 6 | Gen. Emilio Aguinaldo (Bailen) | Dr. Mariedel L. Autriz *Faculty Researcher* | 30 | CvSU-ES at FITS Bailen |
| Pagsasanay sa Aquaponics | Agosto 14 | Bacoor City | Engr. Eligio Borres, Jr. *Faculty, CEIT* | 65 | CvSU-ES at FITS Bacoor |
| Pagsasanay sa Produksyon ng Pinya | Agosto 22 | Farmers and Fishermen Hall, OPA, Trece Martirez City | Dr. Arnulfo C. Pascual *Retired CvSU Professor* | 36 | CvSU-ES at FITS OPA |
| Pagsasanay sa Produksyon at Pagpoproseso ng Kabute | Agosto 27 | Maragondon | G. Geronimo E. Labao *Mushroom Consultant, GMA, Cavite* | 19 | CvSU-ES at FITS Maragondon |
| Pagsasanay sa Pagpaparami ng Halaman | Setyembre 11 | Gen. Emilio Aguinaldo (Bailen) | G. Rodrigo H. Diloy *Agriculturist II, CvSU* | 35 | CvSU-ES at FITS Bailen |
| Pagsasanay sa Produksyon ng Kabute | Setyembre 12 | Langkaan, Dasmariñas City | G. Geronimo E. Labao *Mushroom Consultant, GMA, Cavite* | 37 | CvSU-ES at FITS Dasmariñas |
| Seminar sa Food Safety and Sanitation | Setyembre 20 | Basement Function Hall, International House 1 CvSU, Indang | Prof. Ruel P. Mojica *Faculty, CED, CvSU* Prof. Ivan Derek Wycoco *Faculty, CON, CvSU* Prof. Noel A. Sedigo *Administrator, T3 Faculty, CAFENR* | 51 | OVPEBA at CvSU-ES |
| Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Dehydrated Fruits | Setyembre 25 | Food Processing Center, CvSU, Indang | Gng. Elvira B. Perlado *Home Management Technician, CvSU* | 38 | CvSU-ES at mga FITS *Center* |
| Pagsasanay sa SNAP Hydroponics | Setyembre 26 | Agri-Eco Tourism Park, Training Hall, CvSU, Indang | Engr. Eligio Borres, Jr. *Faculty, CEIT* | 38 | CvSU-ES at FITS OPA |
| Oryentasyon/Seminar para sa mga Magulang at Guardians ng CvSU Dormitory Occupants | Setyembre 30 | SM Rolle Hall, CvSU Indang | Prof. Ruel P. Mojica *Faculty,CED,CvSU* Prof. Ariel Rivera *Faculty, CAS, CvSU* | 157 | OVPEBA at CvSU-ES |

Naging posible ang bawat pagsasanay sa tulong-tulong na pagkilos ng mga tauhan ng ES, iba't ibang departamento ng unibersidad at mga FITS *Center*. (*RAAstudillo)*

*Sundan sa p. 12*

# MGA BALITA

## ES, patuloy sa mga ...

*mula sa p. 11*











*Ilang mga pagsasanay na isinagawa ng ES*

UGNAYAN

**Tagapamahalang Patnugot**
Lady Aileen A. Orsal

**Katulong na Patnugot**
Melinda B. Eugenio

**Mga Kontribyutor**
Lorna C. Matel
Khay B. Arandia
Julita M. Mojica
Sherrlyn M. Rasdas
Razelle A. Astudillo
Paula Gie C. Ducusin
Bernadette S. Amparo
Joselito F. Ersando
Elma T. Valenzuela
Jhon Laurence B. Herrera
Armi Grace B. Desingaño

**Mga Editoryal Konsultant**
Dr. Ma. Fatima I. Cruzada
Dr. Ruel M. Mojica
Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang- editoryal
***Knowledge Management Center***
*5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.*
Cavite State University
Indang, Cavite
Telepono ☏ (046) 4150212